## Kuwento 7 : Ang Limang tinapay at Dalawang Isda

Talata sa Bibliya [Lucas 9:16]

Kinuha ni Jesus ang limang tinapay at ang dalawang isda. Tumingala siya sa langit at nagpasalamat. Pinaghiwa-hiwalay niya ang mga ito. Pagkatapos ay ibinigay niya ito sa mga alagad upang ibigay sa mga tao.

Isang araw si Hesus ay nangangaral sa tabing dagat ng Galilea. Sinundan siya ng napakaraming tao, dahil narinig nila ang mga kahanga-hangang himala na kaniyang ginawa.

Si Hesus ay nagpunta sa maraming tao at siya ay nagpagaling ng mga sakit at nangaral tungkol sa kaharian ng langit.

At nang magdilim, pumunta ang mga disipulo kay Hesus at sinabi,

"Ang lugar na ito ay tago at madilim na, bakit hindi natin pabalikin ang mga tao sa lungsod upang doon bumili ng kanilang pagkain?"

At sinabi ni Hesus, "Hindi nila kailangang pumunta sa malayo. Bigyan niyo sila ng makakain."

Sinabi ng mga disipulo, "Hesus, wala tayong pera, at kahit tayo ay mayroong pera, saan tayo bibili? Walang bilihan ng kanilang pagkain dito, kaya't paano natin mapapakain ang mga taong ito?"

Sinabi ni Hesus sa kaniyang mga disipulo. "Tingnan ninyo kung mayroong pagkain ang isa sa mga taong narito."

Napansin ng isang disipulo ang isang batang lalaki na mayroong limang tinapay at dalawang isda.

At kinuha ng disipulo ang limang tinapay at dalawang isda sa batang lalaki.

At ibinigay ito kay Hesus. Pinangkat ni Hesus ang mga tao sa limampu. At nang makaupo ang mga ito, sila ay umabot sa higit limanglibo -At ito ay bilang lamang ng mga lalaki! Kinuha ni Hesus ang limang maliliit tinapay at dalawang isda, siya ay nagpasalamat, at sinabi niya, "Ipamahagi ninyo ito sa mga tao."



At kamangha-mangha ang sumunod na nangyari. Kahit gaano karami ang ipamigay, hindi nauubos at hindi nababawasan ang mga tinapay at ang mga isda!

Buong pusong Nakakain ang limang libong tao At ang lahat ay humanga sa kapangyarihan ni Hesus.

Muling sinabi ni Hesus sa kaniyang mga disipulo. "Gather the pieces that are left over. Let nothing be wasted."

"Ipunin ninyo ang mga natira at huwag ninyong hayaang may masayang."

Nang matapos nilang ipunin ang mga natira, nakapuno sila ng dalawangpong baul.

Kaya't mas lalong tumibay ang pananampalataya at respeto ng mga disipulo at mga tao kayn Hesus at patuloy nilang sinundan siya.




28

**Gawain 1.** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

a. Ilang mga lalaki ang makakakain sa Limang tinapay at dalawang Isda?

---

b. Ilang basket ang natira pagkatapos pakainin ang lahat?

---

c. Basahin ang Juan 6:1-15, at sagutan: Ano ang ginawa nina Pedro at Andres ng tanungin sila ni Jesus?

---

d. Sino ang dalawang alagad ang nagbigay solusyon sa pagpapakain sa mga tao?

---

- **Basahin ata Isaulo ang talata ng bibliya. (Lucas 9:16)**

**Kumuha si Jesus ng Limang tinapay at Dalawang Isda. Tumingin siya sa langit at nagbigay pasalamat. Hinati niya ito. At binigay niya Ito sa kanyang mga alagad upang ibigay sa mga tao.**

**Gawain 2.** Gumuhit ng 5 Tinapay at 2 Isda.

